

Philippine Biblical Worldview Institute

Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa

Revised July 2022

ST200 Man and Sin

Part 2: ST202 Man in Adam's Image

a] Ang Tukso

Sinasabi sa Genesis 3:1 na *the serpent was more crafty than any other beast of the field that the LORD God had made*. Ang craftiness ay makikita sa galing ng preparasyon o pagpapalano ng isang bagay na nais gawin.

Si Eba ay nilikha ng Diyos as helpmeet ni Adan; supportive ang kanyang role. Mahalaga ito. Hindi mabuti na mawala si Eba sa buhay ni Adan. Ibig sabihin, kung wala si Eba, hindi na ganoon kalakas lalabas si Adan. Kaya, kahit ang lalaki ang dapat pabagsakin ng diablo, ang support muna nito ang dapat ma-eliminate.

Pinag-aralan ng diablo ang gawi at galaw ng mag-asawa upang alamin kung ano ang situwasyon na ideal sa atake na kanyang gagawin. Alam niya dapat when to strike. At dumating ang sandaling iyon:

Nilapitan ng diablo ang mag-asawa at sinimulan niyang tuksuhin ang babae.

Now the serpent was more crafty than any of the wild animals the LORD God had made. He said to the woman, Did God really say, 'You must not eat from any tree in the garden?'

Alam natin na alam ng diablo ang tamang sagot sa kanyang tanong. Subalit, hinayaan niyang sumagot ang babae.

The woman said to the serpent, We may eat fruit from the trees in the garden, but God did say, 'You must not eat fruit from the tree that is in the middle of the garden, and you must not touch it, or you will die.'

Sa ganitong paraan hindi na niya kinailangang sabihin pa sa babae na tumingin sa pinagbabawal na bunga, upang hindi magkaroon ng suspicion ang mag-asawa. Tumingin nang kusa ang babae sa forbidden fruit. Mula sa sagot na binigay ng babae, nagkaroon ang diablo ng pagkakataon na contrahin ang sinabi ng Diyos upang makapagtanim ng doubt.

You will not certainly die, the serpent said to the woman. For God knows that when you eat from it your eyes will be opened, and you will be like God, knowing good and evil.

At this point, hindi ba dapat pumapel na ang lalaki? Nandoon siya. Alam niya ang nangyayari. Bakit hindi niya nilayo ang kanyang asawa sa tukso? Hindi kaya na nagkaroon din ng doubt si Adan? Pinagmasdan kaya niya ang kanyang asawa kung ano ang kanyang gagawin?

When the woman saw that the fruit of the tree was good for food and pleasing to the eye, and also desirable for gaining wisdom, she took some and ate it. She also gave some to her husband, who was with her, and he ate it.

Ito ang sinasabi sa Genesis 2:9,

The Lord God made all kinds of trees grow out of the ground – trees that were pleasing to the eye and good for food.

So, tama naman ang babae - *the fruit of the tree was good for food and pleasing to the eye.* Now, balikan natin ang sinabi ni James tungkol sa temptation:

Let no one say when he is tempted, "I am tempted by God"; for God cannot be tempted by evil, nor does He Himself tempt anyone. But each one is tempted when he is drawn away by his own desires and enticed. Then, when desire has conceived, it gives birth to sin; and sin, when it is full-grown, brings forth death.

b] Ang Pagkahulog sa Kasalanan

Ang idea na maaaring maging katulad ng Diyos ay ang itinanim ng diablo sa isipan ng mag-asawa. Nagpadala ang babae sa idea na iyon hanggang ito ay naging pagnanasa sa kanyang puso. At nang mahinog ang pagnanasang ito, iniluwal ni Eba ang kasalanan, na nagbunga naman ng kamatayan.

Nang kumain si Eba ng forbidden fruit, sa mata ni Adan, wala namang nangyari. Nadagdagan ang kanyang doubt sa katotohanan ng salita ng Diyos. Isina-alaala ni Adan ang sinabi sa kanya ng Diyos:

Of every tree of the garden you may freely eat; but of the tree of the knowledge of good and evil you shall not eat, for in the day that you eat of it you shall surely die." Genesis 2:16-17

Sa mata ni Adan, hindi naman namatay si Eba. Ibig sabihin sa kanya, hindi totoo ang salita ng Diyos. Ang resulta? Ninais din ni Adan na maging katulad ng Diyos; nagkaroon siya ng pagnanasa ng pagkaalam ng mabuti at tama. In other words, sila ang magbibigay ng definition kung ano ang mabuti at ano ang tama. Sila na ang magiging standard at wala na silang pananagutan.

Lingid sa mag-asawa, namatay agad si Eba nang siya ay kumain ng forbidden fruit. Subalit, ang spiritual death, na agad dinanas ni Eba, ay labas sa natural senses ng tao. At ang big deception na kinahulugan ng mag-asawa ay ang katotohanan na sila ay katulad na ng Diyos because they were created in the image and likeness of God. Katulad ni Lucifer, ang Tao ay nilikha ng Diyos with full potential na; wala nang maidadagdag pa upang sila ay maging "more perfect."

Ang kasalanan kailanman ay hindi magiging katanggap-tanggap sa Banal na Diyos. Sinasabi sa Bibliya na *ang lahat ay nagkasala at ang kabayaran ng ating kasalanan ay kamatayan* (Romans 3:23, 6:23).

Kaya naman, ang lahat ng tao ay daranas ng kamatayan sapagkat hindi mapagkakaila na ang lahat ay nagkakasala.

c] Ang Epekto ng Kasalanan

Ang sinasabi sa Genesis 5:3 ay ito: *And Adam lived one hundred and thirty years, and begot a son in his own likeness, after his image, and named him Seth.* From the image of God to the image of Adam. Ano ang mga naging epekto ng kasalanan sa human race?

May dalawang uri ng kamatayan ang tinuturo ng pagkahulog ng tao sa kasalanan: ang spiritual death at physical death. Ang spiritual death ay ang paghihiwalay ng Espiritu ng Diyos sa tao; ang physical death ay ang paghihiwalay ng kaluluwa ng tao sa kanyang katawang lupa. Agad namatay spiritually sina Adan

at Eba ng araw nang sila ay sumuway sa utos ng Diyos. Pinatutunayan ito ng salita ng Diyos sa Psalm 51:5, *Behold, I was brought forth in iniquity, and in sin my mother conceived me.* At sa Ephesians 2:1, *And you He made alive, who were dead in trespasses and sins.*

Ang tao ay nilikhang God-centered. Ang ginawa sa kanya ng kasalanan ay ang maging self-centered. Ang binanggit nating dual-purpose ng tao na pagsamba at paglilingkod sa Diyos, after the fall, ay natabunan ng pagsamba at paglilingkod sa sarili. Ang paglilingkod sa Diyos na magparami at punuin ang mundo ay napalitan ng casual sex at collectively, ang kagustuhang magsama-sama sa isang lugar tulad ng sa isang siyudad upang hindi sila magkahiwa-hiwalay. Ang mag-provide ng leadership ay napalitan ng desire for lordship at ang desire na maging productive ay napalitan ng desire to be wealthy.

At dahil sa kasalanan, ang kanyang puso ay naging mandaraya; ang kanyang *intellect* ay nagdilim dahil nahaluan ng disinformation o kasinungalingan kaya hindi na naging malinaw sa kanyang isip ang maraming bagay at madalas na siya ay nagdadalawang isip; ang kanyang intimate deep *emotion* ay nahaluan ng guilt, shame, fear at alienation, so madalas na siya ay nakaka-experience ng feeling of lostness at mixed emotions. At ang kanya namang saloobin or *free will* ay nakatuon pa rin sa kanyang strongest *desires*. After the fall, ang strongest desires ng tao ay ang makapagbibigay sa kanyang sarili ng instant gratification. Ang mga bagay na pleasing sa Lord ay naglalasang putik sa kanyang bibig.

Kasama sa judgments ng Diyos sa kasalanan ng tao ay ang pag-aaway ng dalawang lahi – ang lahi ng babae at ang lahi ng ahas hanggang sa dulo ng panahon kung kailan ay babasagin ang bungo ng ahas ng isang magmumula sa lahi ng babae. Magiging masakit ang panganganak ng babae at nanaisin niyang sakupin ang kanyang asawa imbis na suportahan. Magiging mahirap at mangangailangan ng pagpapawis ang pagtatanim para sa lalaki. Ang buhay ng tao ay nagkaroon ng taning.

Dahil sa kasalanan, ang pagkaalam ng katotohanan tungkol sa kung ano ang mabuti (ang kasiyasiya sa Diyos) at tama (ang sang-ayon sa kalooban ng Diyos) ay hindi na naging madaling maunawaan ng isipan ng tao. Lagi na lamang na meron siyang sariling ideas kung ano ang mabuti at tama in any given situation. Dahil dito nawala ang kanyang kabanalan. So, kinakailangang maibalik sa kanya ang nawalang *true knowledge, true righteousness at holiness.*

Multiple Choice

1. Ang serpent ay more crafty kumpara sa mga nilikha ng Diyos kaya naman ang unang tinarget niya sa kanyang panunukso ay si
 - a. Adam
 - b. Eve
 - c. Adam and Eve
2. Sa James 1:14, ano ang niliwanag ni James patungkol sa temptation?
 - a. Ang temptation ay kusang dumadating sa ating buhay
 - b. Ang temptation ay nagmumula sa Diyos
 - c. Ang temptation ay nagmumula sa pagpapatangay sa sariling desires at nagpapaakit sa tukso
3. Pumasok ang kamatayan sa mundo dahil sa?
 - a. Kasalanan
 - b. Kapabayaanan
 - c. Karimlan

4. Ano ang nananahan sa puso ng tao?
 - a. Intellect, Will, Productivity and Leadership
 - b. Desires, Intellect, Emotion and Will
 - c. Praise God, Seek Intimacy, Seek Productivity and Provide Leadership

5. Ano ang ibig-sabihin ng kamatayang espirituwal na naranasan nina Adan at Eva?
 - a. Ang paghihiwalay ng kaluluwa ng tao sa kanyang katawang lupa
 - b. Ang paghihiwalay ng Espiritu ng Diyos sa Espiritu ng Tao
 - c. Ang paghihiwalay ng Espiritu ng tao sa Espiritu ng Diyos

6. Ano ang ibig-sabihin ng kamatayang pisikal na naranasan nina Adan at Eba?
 - a. Ang paghihiwalay ng kaluluwa ng tao sa kanyang katawang lupa
 - b. Ang paghihiwalay ng Espiritu ng Diyos sa Espiritu ng Tao
 - c. Ang paghihiwalay ng Espiritu ng tao sa Espiritu ng Diyos

7. Nang kumain si Eba ng pinagbabawal na prutas dumanas ba siya kaagad ng espirituwal na kamatayan?
 - a. Hindi, dahil wala namang nangyaring kakaiba sa kanya
 - b. Siguro, dahil wala namang napansin si Adan na may nagbago kay Eva
 - c. Oo, ngunit hindi lamang nila ito napansin sapagkat labas ito sa natural senses ng tao.

8. Nang dahil sa kasalanan, ano ang nangyari sa tao?
 - a. Sa halip na ang tao ay God-centered, siya ay naging self-centered
 - b. Ang pagsamba at paglilingkod sa Diyos ay napalitan ng pagsamba at paglilingkod sa sarili.
 - c. Ang hangarin ng tao na gawing productive ang lupa ay natabunan ng pagpapayaman
 - d. Lahat ng nabanggit

9. Nang nahulog sa kasalanan ang tao, ano ang nangyari sa kanyang puso?
 - a. Ang kanyang puso ay naliwanagan
 - b. Ang kanyang puso ay naging mandaraya
 - c. Ang kanyang puso ay luminis

10. Nang mahulog sa kasalanan ang tao, , ang pagkaalam ng katotohanan tungkol sa kung ano ang mabuti at tama ay naging Madali nang maunawaan ng isipan ng tao.
 - a. True
 - b. False